Marshall

MOTIF II A.N.C. – TRUE WIRELESS A.N.C.

FULL ONLINE MANUAL

NILALAMAN

INDEX

Layout ng device 003
Pagsisimula 005
Pag-charge sa earbuds 005
Pag-charge ng case 005
Pagkontrol sa ingay 005
Spotify Tap 006
Gabay para sa pangangalaga ng baterya 006
Paglilinis ng iyong Motif II A.N.C. 007
Pagpe-pair ng bagong device 007
Pag-reset sa earbuds 008
Pag-troubleshoot 009

LAYOUT NG DEVICE

WIKANG FILIPINO

LAYOUT NG DEVICE WIKANG FILIPINO

(1) INDICATOR NG CHARGING CASE

Ipinapakita ng LED ang charge ng baterya ng case, mula sa kulay pula hanggang dilaw hanggang berde (0-100%). Nagpa-pulse ito nang may kulay na asul kapag nasa Bluetooth® pairing mode.

(2) BUTTON NG CHARGING CASE

Pindutin saglit para makita ang level ng baterya ng charging case. Kapag nasa case ang earbuds at nakabukas ang takip, pindutin at i-hold nang 2 segundo para masimulan ang pairing.

(3) WIRELESS CHARGING

I-charge ang case sa pamamagitan ng paglalagay nito sa isang wireless na charging pad.

(4) USB-C POWER INPUT

I-charge ang case sa pamamagitan ng pagsasaksak nito sa isang USB power source.

(5) MGA TOUCH CONTROL

I-touch ang kaliwa o kanang earbud para makontrol ang iyong musika, mga tawag sa telepono, at marami pang iba. Puwedeng ma-customize ang magagawa ng touch control sa app.

I. Mag-tap para mag-play/mag-pause.
II. Mag-tap nang dalawang beses para lumaktaw pasulong o sumagot/magbaba ng tawag.
III. Mag-tap nang tatlong beses para lumaktaw pabalik.
IV. Pindutin nang matagal para mag-toggle sa pagitan ng pagkansela ng ingay at transparency, o para tumanggi sa tawag.
V. I-double tap at i-hold para magsimulang mag-play ang Spotify Tap ng musika batay sa pinapakinggan mo.

(6) MGA EAR TIP

Ang Motif II A.N.C. ay may kasamang 3 size ng mga ear tip at mahalagang makuha ang pinakasaktong fit para matiyak na mae-enjoy mo ang pinakamagandang karanasan sa audio.

Maglaan ng oras para mahanap ang mga ear tip na pinakasakto sa tainga mo. Dapat hindi maluwang sa tainga mo ang mga ear tip pero komportable pa rin ang mga ito sa pakiramdam. Normal lang ang paggamit ng magkaibang size para sa kaliwa at kanan.

MGA TAGUBILIN WIKANG FILIPINO

PAGSISIMULA

I. Buksan ang charging case.
II. Pindutin nang matagal ang button sa case hanggang sa maging kulay asul ang LED na dahan-dahang nagpa-pulse.
III. Piliin ang Motif II A.N.C. sa listahan ng Bluetooth ng iyong sound device.
IV. I-download ang Marshall Bluetooth app at sundin ang mga in-app na tagubilin para makumpleto ang pag-set up.

PAG-CHARGE SA EARBUDS

Ibalik ang iyong earbuds sa case at isara ang takip para ma-off ang mga ito at masimulan ang pag-charge.

PAG-CHARGE NG CASE

Gumamit ng wireless na charger o isaksak ang case sa isang USB power source para ma-charge ito. Puno na ang charge ng case kapag hindi na nawala ang kulay berdeng ilaw ng LED sa harap.

Para ma-charge ang case gamit ang isang wireless na charger, sundin ang mga tagubilin sa ibaba.

I. Ipatong ang likod ng charging case sa wireless charging pad.
II. Tiyaking iilaw ang mga LED light sa harap para malamang nagcha-charge ang case.
III. Kapag hindi na nawala ang kulay berdeng ilaw ng LED light, puno na ang charge ng case.

PAGKONTROL SA INGAY

Puwedeng itakda ang Motif II A.N.C. sa tatlong mode ng pagkontrol sa ingay.

- Aktibong Pagkansela ng Ingay - bina-block out ang iyong surrounding at hinahayaan kang makapag-focus sa musika.
- Transparency - binibigyang-daan kang marinig ang iyong surrounding at makipag-usap nang hindi inaalis ang iyong earbuds.
- Naka-off – naka-off ang pagkontrol sa ingay.

Maa-adjust ang Aktibong Pagkansela ng Ingay at Transparency sa Marshall Bluetooth app.

SPOTIFY TAP

Makinig agad ng musika sa Spotify Tap. Saan ka man dalhin ng araw mo, ang Spotify Tap ang pinakamadali at pinaka-personal na paraan ng pakikinig ng musika mo, at segundo lang ang aabutin nito.

- Mag-double tap at i-hold para mag-play ng rekomendasyon batay sa mga pinapakinggan mo.
- Mag-double tap at i-hold ulit para sa susunod na rekomendasyon na para lang sa iyo.

Para magamit ang Spotify Tap, tiyaking updated ang iyong Spotify app.

GABAY PARA SA PANGANGALAGA NG BATERYA

May kasamang high-performance lithium-ion na mga baterya ang iyong earbuds at ang tagal ng baterya ay naaapektuhan ng pag-charge at paggamit. Sundin ang mga alituntunin sa ibaba para mapanatiling nasa magandang kundisyon ang iyong mga baterya nang matagal.

- Iwasang gumamit ng mga fast charger kung posible. Nakakapagdulot ng stress ang mabilis na pag-charge sa baterya at nade-degrade ito.
- Iwasang ma-drain nang husto ang baterya o i-charge ito kapag puno na ito. Subukang panatilihin ang charge sa pagitan ng 30% at 80%.
- Kung matagal na iso-store ang earbuds, inirerekomendang i-charge ang earbuds sa hanggang halos kalahati ng charge at saka mag-factory reset. Itabi ang earbuds at case sa isang malamig, madilim, at tuyong lugar.
- Iwasang gamitin o i-charge ang earbuds sa maiinit at hindi ventilated na lugar, 45°C/113°F pataas.
- Iwasang i-charge ang baterya sa mababababang temperatura, mas mababa sa 10°C/50°F at gamitin ang earbuds sa temperaturang mas mababa sa 0°C/32°F.
- Iwasan ang malalakas na mechanical shock gaya ng pagkabagsak ng earbuds o case sa matitigas na surface dahil posibleng mapinsala nito ang mga baterya.

I-download ang Marshall Bluetooth app at piliin ang level ng pagpreserba ng baterya na pinakaangkop sa iyo at sa earbuds mo.

PAGLILINIS NG IYONG MOTIF II A.N.C.

Madalas na dumidikit ang iyong earbuds sa iyong balat at kung minsan, nang matagal. Sa paglipas ng panahon, magdudulot ito ng pag-build up ng dumi at grasa na maaaring makaapekto sa performance at maaaring magdulot ng pagkairita ng balat. Linisin nang regular ang iyong earbuds para mapanatiling bago ang mga ito at mas magtagal pa.

Alisin sa pagkakasaksak ang anumang kable bago linisin ang case. Tiyaking tuyo ang lahat bago gamitin ang earbuds, ibalik ang earbuds sa case, o isaksak ito sa isang USB charger.

Alisin ang mga silicone na ear tip sa earbuds at hiwalay na linisin ang mga ito. Gumamit ng disinfectant wipe o lint-free na pamunas, na bahagyang binasa ng 70% isopropyl alcohol o 75% ethyl alcohol para dahan-dahang malinisan ang mga ear tip, ang mga exterior surface ng earbuds, at ang case. Iwasang malagyan ng basa ang anumang butas o ang speaker mesh. Maingat na linisin ang mga bahaging iyon gamit ang isang tuyo at malambot na brush, o isang cotton swab.

- Huwag gumamit ng anumang matalim na bagay.
- Huwag gumamit ng compressed air.
- Huwag gumamit ng mga produktong may bleach o hydrogen peroxide.
- Huwag ilublob ang earbuds sa anumang cleaning agent.

PAGPE-PAIR NG BAGONG DEVICE

Natatandaan ng Motif II A.N.C. ang mga huling 8 naipares na sound device. Mag-o-autoconnect ito sa dalawang pinakakamakailang ginamit na sound device na available.

I. Ilagay ang earbuds sa case at iwang nakabukas ang takip.
II. Pindutin nang matagal ang button sa case hanggang sa maging kulay asul ang LED na dahan-dahang nagpa-pulse.
III. Piliin ang Motif II A.N.C. sa listahan ng Bluetooth ng iyong sound device.

Tandaan: Hindi magpapalit ng sound source ang Motif II A.N.C. habang nagpe-play ito. I-pause ang kasalukuyang audio playback bago baguhin ang sound source.

PAG-RESET SA EARBUDS

Kung magiging eratiko o hindi tumutugon ang iyong earbuds, sundin ang mga tagubilin sa ibaba.

I. Ilagay ang earbuds sa case at isara ang takip para ma-restart ang earbuds.

Kung magpapatuloy pa rin ang problema, magsagawa ng pag-reset ng hardware:

I. Ilabas ang iyong earbuds at ilagay ang mga ito sa iyong mga tainga.
II. Pindutin nang matagal ang touch surface sa dalawang earbud sa loob ng 10 segundo para ma-reset ang earbuds.

Kung magpapatuloy pa rin ang problema, mag-factory reset.

Tandaan: Made-delete nito ang lahat ng setting ng user at kakailanganing i-set up ulit ang earbuds.

I. Ilagay ang earbuds sa case at iwang nakabukas ang takip.
II. Pindutin nang matagal ang button sa case sa loob ng 10 segundo, hanggang sa maging kulay lila ang LED, para ma-reset ang earbuds sa factory settings.
III. Alisin ang Motif II A.N.C. sa listahan ng Bluetooth ng iyong sound device bago mag-pair ulit.

MARSHALL BLUETOOTH APP

I-download ang Marshall Bluetooth app para masulit ang iyong earbuds at mapanatili itong updated sa pinakabagong software.

GET IT ON Google Play

Download on the App Store

PAG-TROUBLESHOOT WIKANG FILIPINO

PROBLEMA	DAHILAN	PAGKILOS
Hindi nag-o-on ang earbuds	Walang charge ang baterya.	Ilagay ang earbuds sa case para ma-charge ang mga ito. Kung hindi mag-o-on ang LED sa case, gumamit ng USB power source o wireless na charging plate para ma-charge ang case.
Hindi makakonekta o makapag-pair sa isang Bluetooth device	Hindi naka-enable ang Bluetooth sa iyong device (smartphone, tablet, computer).	I-activate ang Bluetooth sa iyong device sa pag-playback.
	Wala sa pairing mode ang earbuds.	Tiyaking nasa case ang earbuds at nakabukas ang takip ng case bago simulan ang pag-pair, tingnan ang Pagpe-pair ng bagong device.

PAG-TROUBLESHOOT WIKANG FILIPINO

PROBLEMA	DAHILAN	PAGKILOS
Eratikong paggana	Ang earbuds ay hindi gumagamit ng pinakabagong bersyon ng firmware.	I-download ang Marshall Bluetooth app at kumonekta sa earbuds. Sundin ang mga in-app na tagubilin para matiyak na mayroon ng pinakabagong bersyon ng firmware ang Motif II A.N.C..
	May error sa software.	Mag-factory reset, tingnan ang Pag-reset sa earbuds. Kailangang i-set up ulit ang earbuds.

Design of device and packaging are intellectual properties of Zound Industries International AB and Marshall Amplification Plc. © All Rights Reserved. MARSHALL, Marshall Amps, their respective logos, “Marshall” and “Marshall” trade dress are trademarks and intellectual property of Marshall Amplification Plc and may not be used without permission. Permission granted to Zound Industries International AB. The Bluetooth® wordmark and logos are registered trademarks owned by the Bluetooth SIG, Inc. and any use of such marks by Zound Industries International AB is under license. Google Play is a trademark of Google LLC. App Store is a service mark of Apple Inc., registered in the U.S. and other countries. R 0.12